Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Hunyo 25, 1982

MEMORANDUM PANGMINISTRI
blg 157, s 1982

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG WIKANG PILIPINO SA TAONG 1982

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran at Puno ng mga Yunit
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiye at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado, Kolehiyo at Pamantasan

1 Ang Linggo ng Wikang Pilipino sa taong 1982 ay ipagdiriwang mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto "Pamumuhay na Makatao, Isipang Maka-Pilipino," ang paksang diwa ng pagdiriwang sa taong ito Ang mga gawain sa buong isang linggo ay binaha-bahagi sa pang-araw-araw na paksa tulad ng sumusunod:

Agosto 13 - Biyernes - Isipang Maka-Pilipino sa Pamumuhay na Makatao ng Mag-anak

Agosto 14 - Sabado - Isipang Maka-Pilipino sa Paglilinang ng Makataong Pamumuhay sa mga Paaralan

Agosto 15 - Linggo - Isipang Maka-Pilipino sa Pagpapahalagang Ispiritwal at Moral

Agosto 16 - Lunes - Isipang Maka-Pilipino. Batayan ng Pagkakaisa ng mga Barangay sa Makataong Pamumuhay

Agosto 17 - Martes - Isipang Maka-Pilipino sa Pagpapaunlad ng Bayan at Makataong Pamumuhay

Agosto 18 - Miyerkules - Isipang Maka-Pilipino: Bulo ng Kaunlarang Pangkabuhayan

Agosto 19 - Huwebes - Isipang Maka-Pilipino sa Pamumuhay na Makatao

2. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga mungkahing gawain para sa pitong araw na pagdiriwang ng Linggo ng Wika. Kinakailangang isagawa ang mga ito sa Pilipino upang patuloy na mapahalagahan ng mga mag-aaral, kabataan at sambayanang Pilipino ang pagkakaroon ng isang Wika na siyang batayan ng pagkakaisa at mabuting pag-uugnayan ng mga Pilipino tungo sa kaunlaran ng bansa.

3. Sikaping maisangkot sa pitong araw na pagdiriwang ang mga mamamayan, mag-aaral, kabataan, lahat ng mga may kaugnayan sa paaralan at pamahalaan at iba pang may kinalaman sa mga kilusang pangwika. Lubhang mahalaga at sadyang kinakailangan ang kanilang pagtulong at pakikilahok upang ang mga layunin ng pagdiriwang ay matagumpay na maisakatuparan.

4. Kinakailangan ding isama sa taunang ulat ng mga tagapamanihala ng mga paaralan ang lahat ng mga kilusan at iba pang gawaing isinasagawa sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pilipino.

(LGD.) HERMENEGILDO C. DUMLAO
Nanunuparang Minister

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangministri: Blg. 124, s. 1981

Pamumudmod: 1-2-3-4 (D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
COMMUNICATION ARTS
PUPILS
REPORT
SOCIETY or ASSOCIATIONS
STUDENTS

( Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 157, s. 1982)

MGA PAKSA AT MUNGKAHING GAWAING PANG-ARAW-ARAW
SA LOOB NG ISANG LINGGONG PAGDIRIWANG

PAKSA: Pamumuhay na Makatao
Isipang Maka-Pilipino

Agosto 13 - Biyernes - Isipang Maka-Pilipino sa Pamumuhay na Makatao ng Mag-anak

a. Pagbubukas ng Pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pilipino sa pangangasiwa ng paaralan at barangay

b. Pagdaraos ng palatuntunan na kaugnay ng paksa ng pagdiriwang

k. Talakayan at pagpapalitang-kuro tungkol sa paksa

d. Paggamit ng Pilipino sa pag-uusap sa tahanan at paggawa ng mga pahayag

Agosto 14 - Sabado - Isipang Maka-Pilipino sa Paglilinang ng Makataong Pamumuhay sa mga Paaralan

a. Pagdaraos ng mga gawaing kaugnay ng pagpapaunlad ng Pilipino tulad ng:

1. timpalak bigkasan na tumutukoy sa paksa;

2. timpalak sa pagsulat ng maikling kuwento/ sanaysay tungkol sa paksa;

3. timpalak sa pag-awit; at

4. pagtatanghal ng mga katutubong sayaw

b. Paggamit ng Pilipino sa loob ng bakuran ng paaralan

k. Pagtatatag ng pampaaralang samahan sa wika

Agosto 15 - Linggo - Isipang Maka-Pilipino sa Pagpapahalagang Ispiritwal at Moral

a. Pagdalo at pakikinig sa mga seremonyang nauukol sa pananampalataya na tatalakay sa kahalagahan ng wikang Pilipino sa pagpapahalagang ispiritwal at moral.

b. Paglahok sa talakayan ukol sa mga kasaysayang banal na nasusulat sa Pilipino

k. Pag-aanyaya ng mga puno ng samahan upang magbigay ng panayam hinggil sa pagpapahalagang ispiritwal at moral ng mga mamamayan.

Agosto 16 - Lunes - Isipang Maka-Pilipino: Batayan ng Pagkakaisa ng mga Barangay sa Makataong Pamumuhay

a. Paggamit ng Pilipino sa mga opisyal na transaksiyong pambarangay

b. Pagpaplano ng mga proyektong makatutulong sa pagpapaunlad ng Pilipino sa barangay tulad ng:

1. pagpapalabas ng pahayagang pambarangay sa Pilipino ; at

2. pagtatatag ng aklatang Pambarangay na katatagpuan ng kapaki-pakinabang na mga babasahing Pilipino.

Agosto 17 - Martes - Isipang Maka-Pilipino sa Pagpapaunlad ng Bayan at Makataong Pamumuhay

a. Pagdaraos ng mga pagpupulong at sesyon na ginagamit ang Pilipino

b. Pagdaraos ng mga palatuntunan/talakayan/pagdedebate tungkol sa paksang Pamumuhay na Makatao, Isipang Maka-Pilipino. Paggamit ng Pilipino sa mga pasalita at pasulat na pahayag ng mga pinuno ng bayan

Agosto 18 - Miyerkules - Isipang Maka-Pilipino - Sulo ng Kaunlarang Pangkabuhayan

a. Pagdaraos ng mga kapulungan tatalakay sa mga suliraning pangkabuhayan ng bansa at ang paglutas nito

b. Pagbabalak ng proyektong nauukol sa wika na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa tulad ng:

1. pagtatanghal ng mga produktong yaring Pilipino ; at

2. paglulunsad ng mga kampanyang nauukol sa pagtangkilik ng mga kalakal na yaring Pilipino.

Agosto 19 - Huwebes - Isipang Maka-Pilipino sa Pamumuhay na Makatao

a. Pagdaraos ng pangwakas na palatuntunang tatampukan ng mga sayaw, awitin, tugtugin at bigkasing Pilipino

b. Pakikinig, panunuod at pakikilahok sa mga pagtatanghal na panradyo at pantelebisyon tungkol sa wika at iba pang kasaysayang likas na Pilipino

#